Pangalan: ___________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Pagbibigay-kahulugan sa Kilos at Pahayag ng mga Tauhan sa Pabula**

**I. PANUTO: Basahin at unawain ang katanungan at teksto sa loob ng mga kahon. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

1. Anong elemento ng kuwento ang nagbibigay-buhay sa mga pangyayari sa pamamagitan ng pagpapakita ng kilos, pahayag, damdamin, at layon?

a. Banghay b. Tauhan c. Tagpuan d. Aral o mensahe

> Isang hapon, bago lumubog ang araw, nahuli ni Leon si Daga na patakbo-takbo sa loob ng tinutulugang kuweba. Matapos takutin ni Leon si Daga sa pamamagitan ng malakas na ungol na dumagundong sa buong kuweba, tumigil sa pagtakbo si Daga. Itinaas ang dalawang kamay at nagwika, "Parang habag mo na, kaibigang Leon. Huwag mo na akong kainin, hindi ka naman mabubusog sa akin dahil maliit lamang ako!" ang giit pa nito.

2. Ano-anong elemento ng kuwento ang naipakita sa bahaging ito?

a. Tauhan b. Tagpuan c. Tauhan at tagpuan d. Tauhan at mensahe

3. Anong pag-uugali o katangian ang ipinakita ni Daga*?*

a. Masunurin b. Matigas ang ulo c. Mahiyain d. Mabait

4. Anong kilos at pahayag ang nagbibigay patunay na hindi lumalaban si Daga?

I. Itinaas nito ang kaniyang kamay.
II. Kinalampag niya ang kuweba.
III. "Parang habag mo na, huwag mo akong kainin…."
IV. "Hindi ikaw ang may-ari ng kuweba kaya't huwag mo akong takutin…"

a. I at II b. III at IV c. I at III d. II at IV

5. Ano ang layon o motibo ni Leon nang umungol ito nang malakas na dumagundong sa buong kuweba?

a. Ang patahimikin si Daga
b. Ang takutin si Daga
c. Ang itaboy lahat ng nakapasok na hayop sa gubat
d. Ang takutin ang buong kahayupan sa gubat

> Tila naantig ang damdamin ni Leon. Naupo ito at pinagmasdan ang maliit na si Daga. Lumamlam ang kaniyang mga mata at ilang sandali pa'y pinagsabihan si Daga, "Hindi mo na kailangang magmakaawa. Huwag mo na lamang uuliting gumawa ng kaluskos habang ako'y natutulog."

6. Anong mabuting katangian o pag-uugali ang ipinakita ni Leon?

a. Responsable b. Maunawain c. Mahabagin d. Matulungin

7. Ano ang naging motibo ni Leon sa pagpapakawala kay Daga?

a. Gantihan ito sa ibang pagkakataon
b. Unawain ang dahilan ni Daga at bigyan ng pagkakataong lumaya
c. Takutin ang maliit na hayop upang hindi pumasok sa kaniyang kuweba
d. Panatilihin ang kapayapaan sa kagubatan

“Walang anuman iyon, kaibigang Leon. Ginantihan ko lamang ang kabaitan mo sa akin.”

Pagkatapos ng sandaling pag-uusap ay naghiwalay na ang dalawa. Kapuwa sila panatag dahil alam nila na mayroong kaibigang handang tumulong sa sandali ng kanilang pangangailangan.

8. Ano ang nagpakilala sa mabuting katangian ni Daga?

a. Ang kaniyang kilos
b. Ang kaniyang pahayag
c. Ang kaniyang pagsasawalang-kibo
d. Ang kaniyang pagiging bibo

9. Alin sa sumusunod ang nagpakita ng kabuoang mensahe ng kuwento?

I. “…ginantihan ko lamang ang kabaitan mo sa akin.”
II. kapuwa sila panatag
III. Pagkatapos ng sandaling pag-uusap ay naghiwalay na ang dalawa.
IV. Mayroong kaibigang handang tumulong sa sandali ng kanilang pangangailangan.

a. I at II
b. III at IV
c. I at IV
d. I at III

10. Paano mo ilalahad ang aral ng kuwento?

I. Pipiliin ang kaibigan.

II. Maging maingat sa paglabas ng bahay.

III. Ang kabutihan ay sinusuklian ng kabutihan.

IV. Ang kabaitan ay kailanman hindi nasasayang.

a. Kung ang I at II ay tama, ang III at IV ay mali.
b. Kung ang III at IV ay tama, ang I at II ay mali.
c. Kung ang I, II, at III ay tama, ang IV ay mali.
d. Kung ang I ay tama, ang II, III, at IV ay mali.